Republic of the Philippines
**DEPARTMENT OF THE INTERIOR AND LOCAL GOVERNMENT**
**MIMAROPA REGION**
No. 822 Quezon Avenue, Brgy. Paligsahan, Quezon City
www.mimaropa.dilg.gov.ph

**OFFICE OF THE REGIONAL DIRECTOR**

30 August 2023

**FELIX S. MIRASOL, JR., CESO IV**
Regional Director
Department of the Environment
and Natural Resources MIMAROPA

Subject: Email request for assistance from residents of Sitio Bagong Sikat, Barangay Barung and Sitio Bulho, Barangay Calasaguen, both in the Municipality of Brooke's Point, Province of Palawan

Dear **Director Mirasol:**

This refers to the herein attached email from certain residents of Brooke's Point requesting for government's assistance to address their concerns relative to the environment, the details of which are specified therein.

In line with your Office's mandate[1] per Executive Order Number 192, s. 1987, we respectfully refer the herein concern to your Office for information.

Thank you.

**KARL CAESAR R. RIMANDO, CESO III**
Regional Director

cc: jonahdalaguit@gmail.com
melnocanromeo022@gmail.com

---

1 The Department is the primary agency responsible for the conservation, management, development, and proper use of the country's environment and natural resources, specifically forest and grazing lands, mineral resources, including those in reservation and watershed areas, and lands of the public domain,

GovMail

Raymond Alvin Mendoza <rmmendoza@dilg.gov.ph>

# Fwd: PLEASE HELP! KATUTUBONG PALAWEÑO AT SITIO BAGONG SIKAT BARONG BARONG BROOKE'S POINT PALAWAN.

1 message

**Catherine Badua** <cabadua@dilg.gov.ph> Sat, Aug 19, 2023 at 10:45 AM
To: records.mimaropa@gmail.com, Raymond Alvin Mendoza <rmmendoza@dilg.gov.ph>

---------- Forwarded message ---------
From: **Karl Caesar Rimando** <krrimando@dilg.gov.ph>
Date: Fri, Aug 11, 2023 at 9:43 AM
Subject: Fwd: PLEASE HELP! KATUTUBONG PALAWEÑO AT SITIO BAGONG SIKAT BARONG BARONG BROOKE'S POINT PALAWAN.
To: Catherine Badua <cabadua@dilg.gov.ph>

Pls endorse to NCIP.thank you

---------- Forwarded message ---------
From: **Romeo Melnocan** <melnocanromeo022@gmail.com>
Date: Fri, Aug 11, 2023, 8:15 AM
Subject: Re: PLEASE HELP! KATUTUBONG PALAWEÑO AT SITIO BAGONG SIKAT BARONG BARONG BROOKE'S POINT PALAWAN.
To: <bcabalosjr@dilg.gov.ph>, <krcarpeso@dilg.gov.ph>, <krrimando@dilg.gov.ph>

On Thu, Aug 10, 2023, 10:25 PM Romeo Melnocan, <melnocanromeo022@gmail.com> wrote:

Makakakalikasang pagbati para sa mga leader nang tanggapang eto.
Tungkol po eto sa pagmimina sa aming bayan nang brooke's point palawan.

Ma'am/SIR,

Ako po si Romeo T. Melnocan na Panlima sa sitio Bagong Sikat, Barangay Barung barung brooke's point palawan. Pinanganak noong Marso 5, 1966, 57 taong gulang, ako po ay isang lalaki at ang contac number ko ay 09058359163 at ang aking email address ay melnocanromeo022@gmail.com.

Sa ngalan nang aking mga kasamahan bilang isang PANLIMA nais kopong ipabatid sa inyo ang mga reklamo at hinain nang aking mga kasamahang katutubo na aking nasasakopan.

Dahil sa walang tigil na pag mimina sa aming lupaing ninunu. Sa kabila nang aming pagtutul sa pamamagitan nang pagraraly nang mahabang panahon kami po ay hindi pa naliwan at hindi paren kami nabigyan nang kasagotan.

Ayaw namin ang mina sa aming bayan. Ayaw po naming makalbo at matuloyang masira ang aming kagubatan, at eto ay sakop nang uncestral domain.

Mayaman na kami sa AGRIKULTURA AT hindi na kailangan ang mina sa aming bayan. Dahil sa AGRIKULTURA nakapag patapos kami nang aming mga anak sa kolihiyo.

Napaka ganda ang aming bayan, malawak na kagubatan, vergin forest at sakop nang Protected Landscape area. Ngunit bakit ito ay sinimulang kalbohin nang mga minahan lalo na ang ipilan nickel corporation. At nagsimula naren ang CalmIA at marami pang companya nang minahan na gustong sumira at kalbohin ang likas na yaman nang aming bayan.

Kami po ay nanawagan at humingi nang tulong sa inyong tanggapan upang mabigyang pansin ang aming hinain. Ninais naming mapatigil nang lubusan ang pag mimina sa aming bayan.
Apektado napo ang aming kabuhayan. Labis na kaming nahirapan sa aming mga pananim. At halos wala na kaming aanihin.

Sana po ay dinggin na po ninyo ang aking hinain na ito na ipatigil na po sana ang ginagawang pagbubungkal nang lupa at ang pagpuputol nang libo libong higanting puno. Ang minahan po ang nag kalbo at nag sira nang aming kagubatan. At hindi kaming mga katutubo dahil eto ay likas na bigay nang Dios at nararapat lang naming alagaan pagyamanin pa ang bigay nang Dios .

Sanay matulongan nyo po kaming mapaalis ang mga companya nang minahan sa aming bayan nang brooke's point palawan.

MARAMING SALAMAT PO!

AT GABAYAN PO SANA KAYO NANG MAPAGPALANG DIOS AMANG LUMIKHA NANG SANLIBUTAN.

LUBOS NA GUMAGALANG

GovMail

Raymond Alvin Mendoza <rmmendoza@dilg.gov.ph>

# Fwd: Please help indinous people @ sitio bulho calasaguen brooke's point palawan

1 message

**Catherine Badua** <cabadua@dilg.gov.ph> Sat, Aug 19, 2023 at 10:45 AM
To: records.mimaropa@gmail.com, Raymond Alvin Mendoza <rmmendoza@dilg.gov.ph>

---------- Forwarded message ---------
From: **Karl Caesar Rimando** <krrimando@dilg.gov.ph>
Date: Thu, Aug 10, 2023 at 6:14 AM
Subject: Fwd: Please help indinous people @ sitio bulho calasaguen brooke's point palawan
To: Catherine Badua <cabadua@dilg.gov.ph>

---------- Forwarded message ---------
From: **Jonah Dalaguit** <jonahdalaguit@gmail.com>
Date: Wed, Aug 9, 2023, 6:26 PM
Subject: Please help indinous people @ sitio bulho calasaguen brooke's point palawan
To: bcabalosjr@dilg.gov.ph <bcabalosjr@dilg.gov.ph>, krcarpeso@dilg.gov.ph <krcarpeso@dilg.gov.ph>, krrimando@dilg.gov.ph <krrimando@dilg.gov.ph>

Lubos na Kagalanggalang MA'AM/SIR

Ako po si JONAH MEDINA DALAGUIT 46 taong gulang, lumad PALAWAN. Babae, PInanganak noong April 30, 1977, Na may contact Number 09752687850. Matagal na kaming nanenerahan sa Sitio Bulho Barangay Calasaguen Brooke's Point Palawan 5305. May Email Address jonahdalaguit@gmail.com.

Ako po ay Dumolog sa inyong mga kagalanggalang na tanggapan upang maipaabot sa inyo ang mga hinain , saloobin at aking mga reklamo kasama nang aking mga kasamahan, kaibigan, kapitbahay, ka tribo at ka sitio Lalo na sa barangay calasaguen brooke's point palawan.

Kami pong mga katutubong palawan na resedente ng sitio bulho Brgy. Calasaguen Matagal na kaming naninirahan dito sa sitio Bulho Barangay Calasaguen Bayan nang brooke's point palawan. Simula sa aming mga ninunu masaya at tahimik kaming na ninirahan dito.

Subalit netong nakaraang dalawang buwan ay labis naming ikinagulat na kami daw ay kailangan nang umalis sa aming mga lupang inakopahan dahil eto daw ay sa GOBYERNO. Kung hindi daw po kami aalis ay kakasuhan daw po kami Sabi nang mga kawani nang DENR Brooke's Point na mga kasamahan ni Dennes Recto, Ganun din Ang sinasabi ng mga opisyales nang Barangay Calasaguen Brooke's Point Palawan Na sina BARANGAY CAPTAIN JURATIL SINGAPOR , KAGAWAD JORDAN PERASA AT sa mga kasamahan nilang opisyales nang barangay, at Pati naren ang Purok president nang sitio bulho na se ABERIN SEBAC.

Labis po naming ikinalungkot ang mga pangyayare dahil sila ang inaasahan naming mga kakampi ngunit sila mismo ang nag papaalis sa aming lupang matagal nang tinitirhan.

Sa pagkakaalam ko po ang lupang aming sinaka ay sakop eto nang ANCESTRAL DOMAIN, pero bakit po kaya kami pinapaalis.

Sa kasolukoyan po ang Ipilan Nickel Mining Corporation ay umaakyat sa bundok ang mga sasakyan na puno nang tao papunta sa bundok nang sitio bulho. Sapagkakaalam ko ay nagsimula nang magdrilling ang Ipilan Nickel corp. at Nagkuha na sila nang soil sample sa Bundok sobra isang buwan na ang nakalipas.

Ang Bundok nang Sitio Bulho ay Natural Forest, malawak na kagubatan, may malalaking puno at sakop eto nang Protected Landscape.

Sana ay hindi eto makalbo tulad nang nangyare sa Bundok nang Barangay Maasin, Brooke's Point palawan. Sana Po ay mabigyang Pansin at maaction etong aking sulat na edinolog sa inyong kagagalang na Tanggapan.

Maraming Salamat po!
Mapag Palang Dios Ama!

LUBOS NA GUMAGALANG
JONAH M. DALAGUIT